# SA MGA DARATING PANG BUWAN

Malulungkot ang mga aswang
Dahil birtwal na ang lamay sa aming bayan
At abo nang dumarating ang mga bangkay
Sa bawat tahanan.

Hindi na sila makapagnanakaw
Ng mga katawan. Walang makukutkot
Na langib sa mga binti, braso, sentido, at dibdib
Dahil abo nang dumarating ang mga bangkay
Sa bawat tahanan.

Hindi na sila makapapahid ng pamada
Sa kanilang balat para sa paghahandang lumibot,
Kahit ang paggapang sa mga silong
(kung mayroon man), Ang magpanggap na hayop,
Maniktik sa bubong. Hindi na nila magagawa
Dahil abo nang dumarating ang mga bangkay
Sa bawat tahanan.

Dagling pinipingas ng kahibangan
Ang kanilang pag-asa tuwing bilog ang buwan.
Wala nang lugod ang pagtawid sa dagat at bundok
Na nakapagitan. At marahil, naupos
Na sa puso nila ang nasà na manginain
Dahil abo nang dumarating ang mga bangkay
Sa bawat tahanan.

Gusto nilang mainis sa salot
Ngunit hindi nila ito mahawakan.
Hindi katulad ng mga bangkay na naiuuwi nila
Mula sa malalayong bayan upang pugutan
At ilagak ang ulo sa tagaan ng mga inahing manok;
Patuyuin ang iba pang bahagi ng katawan para sa paparating
Na pista ng mga itim na pakpak.
Wala silang mapanghawakan sa kasalukuyan.
Alam nilang hindi sila maililigtas ng inmortalidad.
Maging sila ay umiiwas sa salot sa takot
Na mahawahan.

Dahil baka abo na silang dumating
Sa kanilang tahanan at mga minamahal.